

## HIKANG NAKUKUHA SA TRABAHO: MGA NALAMAN MULA SA PAGSUBAYBAY SA BUONG ESTADO

**S**inusubaybayan ng Programa ng Pag-iwas sa Hikang Nakukuha sa Trabaho (The Work-related Asthma Prevention Program o WRAPP) na nasa Sangay ng Kalusugan sa Trabaho ang hikang nakukuha sa trabaho (work-related asthma o WRA) sa buong California. Para subaybayan ang WRA, hinahanap at binibilang namin ang mga kaso ng mga manggagawang may hika dahil sa kanilang mga trabaho. Pagkatapos, aalamin pa namin ang tungkol sa mga trabahong iyon para makahanap ng mga paraan para gawing mas ligtas ang lugar ng trabaho. Ibabahagi ng fact sheet na ito ang ilan sa mga nalaman namin sa nakalipas na 23 taon.

### ANO ANG HIKA AT KAILAN ITO NAKUKUHA SA TRABAHO?

Ang hika ay sakit sa baga na maaaring magdulot sa mga tao ng kahirapan sa paghinga. Maaari silang magkaroon ng humuhuning paghinga, paninikip ng dibdib, at ubo. Kung ang hika ay sanhi o pinalalala ng mga kemikal o substance sa trabaho, tinatawag itong “hikang nakukuha sa trabaho.” Kapag ang mga taong walang hika ay nakakuha nito sa kanilang trabaho, tinatawag itong “bagong kaso” ng WRA. Kung may hika na ang mga tao bago sila nagsimula sakanilang trabaho at pinalala ito ng kanilang trabaho, tinatawag itong WRA na “pinalala ng trabaho.” Kapag mas maagang naprotektahan ng lugar ng trabaho ang isang tao mula sa substance na nagdulot ng problema sa trabaho, mas malaki ang tsansang mapabuti ang kundisyon ng hika ng taong iyon.



*Lumalanghap ang mga bumbero ng usok at kemikal sa trabaho.*



*Maaaring makaapekto ang mga panlinis at pang-disinfect na kemikal sa mga manggagawa ng pangangalagang pangkalusugan.*

### BAKIT SINUSUBAYBAYAN ANG HIKANG NAKUKUHA SA TRABAHO?

Sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa mga taong may WRA, malalaman namin kung anong mga trabaho at substance ang nagdulot ng hika o kung ano ang nagpapalala rito. Nakakatulong ito sa aming humanap ng mga paraan para maiwasan ito. Sinusubaybayan namin ang WRA sa pamamagitan ng pagkuha ng datos mula sa mga ospital, paghahabol sa bayad sa mga manggagawa, at doktor. Kapag nakahanap kami ng kaso, kinakausap namin ang bawat tao sa pamamagitan ng telepono para mas maunawaan pa namin ang kanilang WRA. Pinagsasama-sama namin ang mga resulta at pinag-aralan namin ang mga ito para mas maunawaan namin kung ano ang nagdulot ng WRA. Hindi kami kailanman nagbibigay ng personal na impormasyon ng mga taong may WRA.

Maliliit lang na bilang ng kaso ng WRA sa California ang nahahanap ng pagsubaybay. Tinataya ng mga pag-aaral na higit sa isang milyong tao sa California ang may hikang dulot o pinalala ng kanilang trabaho. Hindi man nahahanap ng pagsubaybay ang bawat kaso ng WRA sa California, nagbibigay ito ng mas detalyadong impormasyon kaysa sa impormasyong nakuha sa iba pang pag-aaral.

## ANO ANG NAHANAP NG PAGSUBAYSAY SA WRA?

Nakahanap ang WRAPP ng 9,075 kaso ng WRA sa pagitan ng 1993 at 2015. Nagdagdag kami ng mga bagong paraan para makahanap ng mga kaso noong 2006, na naging dahilan kung bakit tumaas ang aming bilang ng kaso ng WRA. May mga nahanap na taong may WRA sa bawat bahagi ng estado.

Kapag natutukoy namin kung anong uri ng WRA ang mayroon ang isang tao, kalimitang bagong kaso ito.

Mas maraming babae ang may WRA kaysa sa mga lalaki (62% kumpara sa 38%).


Nagtatrabaho sa iba't-ibang industriya ang mga taong may WRA. Ang ilan sa mga industriyang pinakamalamang na may mga kaso ng WRA ay ang lokal na transportasyon, mga ospital, mga utility, pagmamamupaktura, at konstruksyon.

Makikita mo ang mga trabahong malamang na may mga kaso ng WRA sa datos ng pagsubaybay sa Talahanayan 1. Kasama sa mga trabahong ito ang mga bumbero at iba pang manggagawa ng pampublikong kaligtasan, manggagawang humahawak ng kemikal, science technician, manggagawa ng produktong pang-agrikultura, manggagawang naglilinis ng poso negro, manggagawa ng pangangalagang pangkalusugan, janitor, trabahador, at guro. Ipinapakita rin ng talahanayan ang ilan sa pinakakaraniwang substance na inuugnay ng mga manggagawa sa kanilang hikang nakuha sa trabaho.


Iniulat ng mga manggagawa na iba't ibang substance ang nakakaapekto sa kanilang hika. Ang pangkaraniwang sa mga pagkakalantad na ito ay alikabok, mga hindi alam na kemikal, usok, amag, mga problemang dulot ng pangkalahatang kalidad ng hangin sa loob, at mga panlinis na kemikal. Nalamang may ilang substance na nagdudulot ng hika sa mga taong dating walang hika. Ang pangkaraniwang sa mga substance na ito ay bleach, chlorine, ammonia, latex, formaldehyde, at sulfuric acid.

Maaaring makakuha ng WRA ang mga tao kahit na hindi sila direktang gumagamit ng mga substance na nagpapasimula ng hika. Higit sa isang-katlo ng mga tao (34%) ang may mga problema dahil sa hika dahil malapit sa lugar kung saan may ibang nagtatrabaho na gumagamit ng substance o kemikal sa kanilang lugar ng trabaho.


## Taunang Bilang ng Mga Kaso ng WRA sa California sa Paqlipas ng Panahon



## Uri ng Hikang Nakukuha sa Trabaho



## Kasarian ng Mga Kumpirmadong Kaso



Puwedeng mapunta sa hangin ang mga panlinis na kemikal sa anumang espasyo sa trabaho.

## Talahanayan 1. Mga Pangkaraniwang Pagkakatantad para sa Mga Trabahong Nagdudulot ng WRA\* 1993-2015

MGA TRABAHO	MGA PAGKAKALANTAD NA INIULAT NG MGA MANGGAGAWA
Mga Bumbero	Usok, mga kemikal
Mga Operator ng Makinang Nagpoproseso ng Kemikal	Mga kemikal, bleach, mga asido, mga solvent, sulfur dioxide
Mga Rehistradong Nurse	Mga panlinis na produkto, latex, alikabok, usok, Kalidad ng Hangin sa Loob ng Gusali (Indoor Air Quality o IAQ), pabango, mga kemikal, mga floor stripper
Mga Opisyal at Katiwala sa Kulungan	Pepper spray/mace, usok, amag, mga panlinis na kemikal
Mga Kawani ng Opisina	Alikabok, amag, mga kemikal, pabango, IAQ, usok, pintura, mga panlinis na produkto
Mga Chemical Technician	Mga kemikal, solvent, acid
Mga Janitor	Mga panlinis na produkto, mga kemikal, alikabok, bleach, chlorine, mga floor stripper, usok ng sigarilyo, mga pang-alis ng graffiti, mga pang-disinfect na panlinis
Mga Miscellaneous Science Technician	Mga antigen ng hayop, alikabok, mga asido, mga kemikal
Mga Trabahador at Tagalipat ng Materyal	Alikabok, kemikal, lamig, usok, anhydrous ammonia, amag, mga pamatay-pesto
Mga Tagapanayam sa Pagiging Kwalipikado, Programa ng Pamahalaan	Mga pollutant ng hangin sa loob ng gusali, usok, pintura
Mga Medikal na Assistant at Suporta sa Pangangalagang Pangkalusugan	Usok, alikabok, glutaraldehyde, mga kemikal, pintura, IAQ mula sa konstruksyon, latex, pabango
Mga Usher, Lobby Attendant, at Tagakuha ng Ticket	Usok, mga pollutant ng hangin sa loob ng gusali
Pulis at Mga Sheriff	Usok, mga kemikal, pepper spray, alikabok, amag
Mga Tagagrado at Tagauri, Produktong Pang-agrikultura	Chlorine, mga pamatay-pesto, mga panlinis na materyal, bleach
Serbisyo sa Customer	Mga kemikal, alikabok, IAQ, pabango, usok, roofing asphalt, amag
Mga Operator ng Telepono	Alikabok, mga kemikal, pabango
Mga Guro	Amag, alikabok, IAQ, pabango, mga kemikal, usok, mga pamatay-pesto
Mga Operator ng Wastewater Treatment Plant at System	Mga kemikal, alikabok, mga pollutant ng hangin sa loob ng gusali mula sa pagsasaayos ng gusali
Mga Sekretarya	Alikabok, amag, IAQ, mga kemikal, pabango, usok, IAQ mula sa konstruksyon, mga pandikit

*\* May matataas na bilang ng mga kaso ang mga white collar na trabaho, may matataas na rate ang mga blue collar na trabaho; mayroon ng dalawang ito ang mga bumbero.*



## EPEKTO NG WRA

Maaaring maging malaki ang epekto ng WRA sa mga taong mayroon nito.

- Halos isang-katlo (32%) ang kinailangang umalis sa kanilang trabaho dahil sa kanilang WRA.
- Iniulat ng 41% na may mga araw noong nakaraang taon na hindi sila nakapagtrabaho o hindi nila nagawa ang kanilang mga nakaugaliang aktibidad.
- Higit sa kalahati (61%) ang dinala sa emergency room dahil nagsimula sa trabaho ang kanilang mga problema sa paghinga.
- Isa sa bawat pitong tao (15%) ang kinailangang maospital nang magdamag dahil nagsimula sa trabaho ang kanilang mga problema sa paghinga.
- Ang karamihan (85%) ay kinailangang uminom ng bagong gamot sa hika o uminom nang mas malaking dosis ng kanilang gamot dahil sa kanilang WRA.
- Higit sa kalahati (55%) ang may mga problema pa rin sa paghinga makalipas ang mahigit isang taon.
- May kilala ang higit sa kalahati (54%) na iba pang tao sa trabaho na nagkaroon ng mga katulad na problema sa paghinga.

## PAGGAMIT SA AMING MGA MALAMAN PARA MAIWASAN ANG WRA

Tinutulungan kami ng pagsubaybay sa WRA na makagawa ng mga paraan para mapigilan ang iba pang manggagawa na magkaroon ng WRA. Kasama sa mga halimbawa ng matagumpay na pagsisikap para maiwasan ang WRA ang:

- pagtulong sa mga pabrikang pahusayin ang daloy ng kanilang hangin para hindi makalanghap ng mga kemikal ang mga manggagawa
- pagbibigay sa mga karpintero, tagagawa ng aparador, at iba pang tindahang nagbebenta ng mga produktong gawa sa kahoy sa buong estado ng impormasyon sa kung paano mapoprotektahan ang mga manggagawa laban sa mga alikabok mula sa kahoy na nagdudulot ng hika
- pag-aalok sa mga lugar ng trabaho ng mga sampol na patakaran para mapanatiling walang amoy ang mga opisina; at
- pagtulong sa mga paaralang gumamit ng mga pamamaraan at produktong panlinis na parehong poprotekta sa mga manggagawa at estudyante laban sa mga kemikal na nagdudulot ng hika

Nag-aalok din kami ng impormasyon sa bawat manggagawang nakakapanayam namin tungkol sa mga substance na nagbibigay sa kanila ng problema



*Nakakalanghap ng mga kemikal ang mga manggagawang nasa palibot ng mga ito.*

sa trabaho. Bumuo kami ng mga materyal tungkol sa maraming iba't ibang [pagkakalantad sa WRA at kung paano maiwasan ang mga ito](https://cdph.ca.gov/wrapp/factsheets) (cdph.ca.gov/wrapp/factsheets).

Ang WRAPP ay isang ahensiyang hindi nagpapatupad ng batas at hindi ito bahagi ng Cal/OSHA. Nakikipagtulungan kami sa mga manggagawa, employer, at organisasyon para maiwasan ang WRA sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon, teknikal na tulong, at rekomendasyon.

## HIGIT PANG RESOURCE

Para sa higit pang impormasyon, tumawag sa 1-800-970-6680 (toll-free sa mga tumatawag sa California). Serbisyo ng Relay ng California: 711, o pumunta sa [website ng WRAPP](https://cdph.ca.gov/wrapp) (cdph.ca.gov/wrapp).

[Impormasyon tungkol sa hikang nakukuha sa trabaho mula sa Mga Center para sa Pagkontrol ng Sakit/ Pambansang Institusyon para sa Kalusugan sa Trabaho](https://cdc.gov/niosh/topics/asthma/default.html) (cdc.gov/niosh/topics/asthma/default.html)

[Impormasyon ng Cal/OSHA tungkol sa Mga Karapatan ng Manggagawa sa California](https://dir.ca.gov/dosh/documents/health-and-safety-rights-for-workers.pdf) (dir.ca.gov/dosh/documents/health-and-safety-rights-for-workers.pdf)

[Impormasyon tungkol sa bayad sa mga manggagawa sa California](https://dir.ca.gov/dwc/WCFaqIW.html) (dir.ca.gov/dwc/WCFaqIW.html)

Para makakuha ng kopya ng fact sheet na ito sa ibang format, tumawag sa (510) 620-5757. Maghintay nang hindi bababa sa 10 araw.